

Republic of the Philippines Province of Pangasinan CITY OF ALAMINOS



March 20, 2020

Sa atin pong mga kababayan sa lungsod ng Alaminos:

Hindi po kaila sa ating lahat ang nangyayari sa buong mundo na tayo po ngayon ay nakakaranas ng kalamidad dahil po sa COVID-19. Dito po sa ating bansa ay nagbaba ng kautusan ang ating gobyerno na kasalukuyang pinapatupad ng ating nasyonal at lokal na pamahalaan. Hindi po natin lahat kagustuhan ito dahil ang epekto po nito ay nararamdaman nating lahat lalong-lalo na ang mga mahihirap nating mga kababayan. Ginagawa po ang lahat ng ating lokal na pamahalaan ang ating makakaya kung paano natin matulungan at maiwasan na makarating itong sakit na ito sa ating lungsod. Alam ko po na ang mga pinapatupad nating mga hakbangin tulad ng curfew, suspensyon ng pampublikong sasakyan at ng mga iba pang pagbabawal na pinag-utos ng ating Presidente ay magdudulot ng sakripisyo sa ating lahat. Pero ang mga hakbanging ito ay rekomendasyon ng ating mga eksperto sa Department of Health upang malabanan ang sakit na ito.

Bilang inyong alkade sa ating minamahal na lungsod, humihingi po ako sa inyo ng tulong at kooperasyon para labanan ang problemang ito. Marami pong hakbangin ang ginagawa ng ating lokal na pamahalaan kung paano po ito maiwasan. Ito po ang mga hakbangin na ginagawa natin araw-araw sa lungsod ng Alaminos para sa inyong kaalaman:

- 1. Maayos na pagpapatupad ng curfew mula 8pm to 5am, kasama na po ang checkpoint na ginagawa ng mga POSO at KAPULISAN. Sana po maintindihan ninyo ang pansamantalang sakripisyong ito.
- 2. Nag-uumpisa na po tayo ng araw-araw na misting and disinfecting sa lahat ng mga importanteng establisyemento na pinupuntahan ng mga tao at ito pong programang ito, kung kaya po nating ikutin ang lahat ng barangay ng alaminos ay gagawin po natin.
- 3. Sa lungsod ng Alaminos, meron po tayong 25,000 na pamilya base sa datus ng DSWD. Kasalukuyan po tayong naghahanda ng 25,000 na relief goods na ibibigay natin sa bawat pamilya, lahat po ay mabibigyan. Hindi na po kayo kailangang lumabas sa inyong mga tahanan para kunin ito dahil kami na po mismo ang maghahatid sa inyong mga kabahayan. Hinihiling ko lang po na huwag lang po sana tayo magmadali dahil hindi po natin kaya ito ng isang araw lamang. Pero pipilitin po natin na sa lalong madaling panahon makakarating ang tulong ng inyong lokal na pamahalaan. Hinihikayat ko po ang ating mga barangay officials at mga volunteers na tumulong sa paghahanda kung paano ito maipatupad ng maayos, maguumpisa na po ito sa lalong madaling panahon.
- 4. Nakabukas po ng 24-oras ang lahat ng opisina na may kaugnayan sa problemang ito na kinakaharap natin tulad ng CDRRMC, Police, POSO, GSO, City Health Office,

Website: www.alaminoscity.gov.ph celestearthbryan@gmail.com

Tel. No.: (075) 551-2146







Republic of the Philippines Province of Pangasinan CITY OF ALAMINOS



at ang aking opisina. Ang command center po natin ay nakabase sa Right Wing ng Don Leopoldo Sison Convention Center. Kung meron pong emergency na mangyayari sa bawat barangay natin, ipaalam lang po natin sa opisinang ito sa pamamagitan ng mga sumusunod na HOTLINE na pwede ninyong tawagan:

City Disaster Risk Reduction and Management Office

Smart: 0947 551 1420 Globe: 0977 707 6881 Landline: (075) 635 1058

Ang nangyayari pong ito sa ating bansa lalong-lalo na dito sa ating lungsod ay pansamantala lamang at hindi po natin lahat kagustuhan. Bilang inyong alkalde, meron lang po sana akong hinihiling sa inyo. Unang-una, yun pong inyong pag-intindi at pang-unawa. Ginagawa po nating lahat ang ating makakaya para tugunan ang problemang ito. Pero sana po maintindihan ninyo na hindi po lahat ay kayang gawin at tugunan ng inyong lokal na pamahalaan. Kaya sana po bilang responsableng mamamayan ng ating lungsod, kung ano po sana ang pwede nating maitulong o maikontribusyon ng bawat isa sa atin sa pagtugon sa problemang ito, sana po samasama tayong magtulungan. Napakalaki po ng sakripisyo ang nararanasan natin sa panahong ito lalong-lalo na ang ating mga mahihirap na kababayan, hinihiling ko po sa inyo na magpakatatag tayo at huwag mawalan ng pag-asa. Magdasal po tayong lahat na sana ang pagsubok na ito na nararanasan nating lahat ay malalampasan natin sa lalong madaling panahon. At sana kung ano po ang makikita ninyo at mararamdaman ninyo na pagkukulang ng inyong lokal na pamahalaan, muli, humihingi po ako ng paumanhin at pang-unawa.

Kung hindi po kalabisan, mayroon lang po sana akong hihilingin sa ating mga kababayan na may kakayahang tumulong sa pamamagitan ng pag-donasyon ng mga pagkain, gamot, at iba pang mga pangangailan ng ating mga mahihirap na kababayan. Pwede niyo po itong ipadala sa Don Leopoldo Sison Convention Center at kikilalanin po ito ng ating lokal na pamahalaan. Kung saan at kung paano niyo gustong ipamigay ang tulong na ibinigay ninyo, ipaalam lang po ninyo ito sa amin.

Muli, ako po ay nagpapasalamat sa LAHAT NG SEKTOR sa ating lungsod sa inyong maayos na pagtugon at pagpapakita ng disiplina sa ginagawa nating paraan kung paano labanan ang COVID-19 na kumakalat ngayon sa buong mundo. MAGSAMA-SAMA PO TAYO AT DAGDAGAN PO NATIN ANG ATING PANALANGIN SA POONG MAYKAPAL NA SANA AY MALAMPASAN NATIN ANG PROBLEMANG ITO NA WALANG MASASAKRIPISYONG BUHAY DITO SA ATING MINAMAHAL NA LUNGSOD.

Ang inyo pong Alkalde,

ARTH BRYAN C. CELESTE

Alaminos City

Website: www.alaminoscity.gov.ph
Email: celestearthbryan@gmail.com

Tel. No.: (075) 551-2146



